Pangalan: ______________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Mga Salitang Naglalarawan at mga Pang-angkop

I. **Panuto:** Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ang pang-angkop sa pariralang "maawaing magulang" ay:
   a. -g
   b. -ng
   c. bata
   d. matulunging
2. Ito ang katagang nag-uugnay sa mga salitang nagbibigay-turing at tinuturingan.
   a. Pangatnig
   b. Pangngalan
   c. Pang-ugnay
   d. Pang-angkop
3. Ang wastong pang-angkop sa "matulungin ______ guro" ay:
   a. -g b. na
   c. ng d. -ng
4. Ano-ano ang salitang inilalarawan ng pang-uri?
   a. Pandiwa at panghalip b. Pangngalan at panghalip
   c. Panghalip at pang-angkop d. Pangngalan at pang-angkop
5. Ano ang tawag sa mga salitang naglalarawan sa pandiwa, pang-uri, at kapuwa pang-abay?
   a. Pang-uri b. Panghalip
   c. Pang-abay d. Pang-angkop
6. Matiyagang nag-aaral ng mga modyul si Liam kahit nahihirapan siya. Ang pang-abay sa pangungusap ay:
   a. modyul b. nag-aaral
   c. matiyaga d. nahihirapan
7. Nais kong tulungan ang aking mabubuting kaibigan. Ang pang-uri sa pangungusap ay:
   a. nais b. aking
   c. kaibigan d. mabubuti
8. Mabilis na kumilos ang pamilya ni Liam upang pumunta sa nakatakdang evacuation area. Ang salitang mabilis sa pangungusap ay:
   a. panghalip b. pangngalan
   c. pang-abay d. pang-uri
9. Nang tumaas ang tubig sa ilog, biglang dumami ang mga taong lumikas. Ang nang tumaas ay pariralang:
   a. pang-abay at pandiwa b. pang-abay at pang-uri
   c. pang-abay at pang-abay d. pang-abay at pangngalan
10. Likas na maawain at matulungin ang aking mga magulang. Ang pariralang pang-abay at pang-uri sa pangungusap ay:
   a. likas na maawain b. aking mga magulang
   c. maawain at matulungin d. likas na maawain at matulungin

II. **Panuto:** Lagyan ng wastong pang-angkop ang sumusunod. Humingi ng gabay sa mga magulang o tagapangalaga upang maisagawa ang gawaing ito.

1. matiyaga _____ bata
2. maalaga _____ kaibigan
3. mabait _____ magulang
4. maaasahan _____ kapatid
5. maunawain _____ guro
6. makulit _____ aso
7. malayo _____ bayan
8. masikip _____ daan
9. asul _____ langit
10. berde _____ kapaligiran